ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PAGPAPATUPAD NG 4P'S (PERSONAL NA PAGPAPAHAYAG AT PAG-UNAWA SA PAGSUSULAT NG VOCABULARY JOURNAL): INTERBENSYON SA PAGSUSOG SA LEKSIKAL NA KAALAMAN SA MGA MAG-AARAL

Kathleen Kaye B. Almasa[1], Mary Ann C. Bangiban[2]
[1,2]*Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22597
DOI No: 10.36713/epra22597

ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang bisa ng "4P's" (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal) bilang isang interbensyon sa pagpapalawak ng leksikal na kaalaman ng mga mag-aaral ng Grade 7-Catleya sa Sto. Niño National High School. Gumamit ang pag-aaral ng experimental research na disenyo upang matukoy ang epekto ng mga aktibidad na ito sa pag-unlad ng bokabularyo ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pre-test at post-test. Batay sa mga resulta, ang "4P's" ay nagpakita ng makabuluhang epekto sa pagpapabuti ng leksikal na kaalaman ng mga mag-aaral, na kung saan sa pre-test ay nakukuha ng 35% na naglalarawan ng napakababa at makikita mo ang bisa ng interbensyon ng 4P's sapagkat nakakuha 85% sa post-test na nanganahulugan mababa, $t\ (47)=38.790$, $p < .001$. Ipinakita ng mga aktibidad na ito ang kakayahang mapalakas ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga nakakaengganyong at kolaboratibong gawain. Ang interbensyon ay nagbigay-daan upang mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mas masining at angkop na wika sa kanilang pagsulat at pagsasalita. Ang mga pamamaraan tulad ng Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal ay napatunayang epektibo sa paghasa ng leksikal na kaalaman. Iminumungkahi na ang mga tagapagturo ay magpatuloy sa paggamit ng mga ganitong uri ng aktibidad at maglaan ng higit na atensyon sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Idinagdag din sa pag-aaral na ito ang (1) mga detalyadong datos at pamamaraan ng pagsusuri, at (2) mga karagdagang natuklasang nauugnay sa bisa ng "4P's" bilang interbensyon sa pagpapalawak ng leksikal na kaalaman.

SUSING SALITA: *4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal), pre-experimental, pre-test-post-test, Grrade 7-Cattleya, SNNHS*

INTRODUKSYON

Ayon kay Boers (2023), ang pagtuturo ng bokabularyo sa pangalawang wika ay hindi lamang nakatuon sa mga solong salita kundi pati sa mga yunit ng leksikal. Mahalaga ang paggamit ng makabuluhang yunit, pagbabasa, pakikinig, at mga estratehiyang nagpapalawak ng bokabularyo sa labas ng klase. Samantala, ayon kina Ting et al. (2023), ang kahusayan sa bokabularyo ay tumutukoy sa bilis ng pagkilala at pag-alala ng salita, na mahalaga sa pag-unawa, pagsulat, at epektibong pagpapahayag ng mga mag-aaral (Schmitt, 2020).

Sa Thailand, malaking hamon sa pagkatuto ng Ingles ang kakulangan sa pagkakalantad sa wika, pagtutok sa gramatika kaysa komunikasyon, at sikolohikal na hadlang tulad ng pagkabalisa, na nagreresulta sa kahirapan ng mga mag-aaral na gamitin ang bagong bokabularyo nang may kumpiyansa (Hamilton et al., 2024). Sa Indonesia, lumalabas na limitado ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7, dahil umaasa pa rin sila sa mga payak at karaniwang salita sa pagsusulat, na nagpapakita ng kakulangan sa mas malawak na kaalaman sa wika (Abi, 2024). Sa United Kingdom naman, tinatayang 142,000 migrante ang hindi marunong magsalita ng Ingles kahit kaunti, na nagdudulot ng hadlang sa pagkuha ng disenteng trabaho at pag-access sa mga serbisyong panlipunan (Sumption et al., 2024). Ipinapakita ng mga sitwasyong ito ang patuloy na suliranin sa kakulangan sa kahusayan sa bokabularyo sa iba't ibang konteksto.

Sa Pilipinas, kahit na nagpakita ng pagtaas sa pagsusulit ang mga mag-aaral sa Baitang 9 matapos lumahok sa isang espesyal na programa sa Noveleta National High School, marami pa rin ang nahirapan sa tamang paggamit ng bokabularyo sa iba't ibang konteksto (Carreon, 2024). Sa Zambales, gumamit ng *DIY vocabulary notebooks* ang mga mag-aaral sa Baitang 10, na nakatulong sa pag-alala ng kahulugan ng mga salita, ngunit nanatiling hamon ang aktwal na paggamit ng mga ito sa pagsulat at pagsasalita (Valdez, 2023). Sa Zamboanga del Norte, lumabas sa pag-aaral na higit sa kalahati ng mga junior high school students ay nahihirapan sa pag-unawa ng binabasa at pag-uugnay ng bokabularyo sa konteksto ng teksto, na nagpapakita ng mas malalim na kakulangan sa pagproseso ng impormasyon (Fabillaran, 2024). Ipinapakita ng mga datos na ito ang patuloy na suliranin sa aplikasyon ng bokabularyo sa tunay na gamit, sa kabila ng pagkatuto ng kahulugan ng mga salita.

Sa mas lokal na konteksto, ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Sto. Niño National High School sa Dibisyon ng Davao del Norte ay nahaharap din sa malalaking hamon sa kahusayan sa bokabularyo. Ang kanilang mga pagsubok ay nag-uugat sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kahinaan sa gramatika, sintaks, at pagbigkas, na lalo pang pinapalala ng takot magkamali, pagiging mahiyain, at hindi epektibong mga pamamaraan ng pagtuturo. Bukod dito, ang kakulangan nila sa tiwala sa sarili ay nagsisilbing hadlang sa kanilang pag-unlad sa wika. Dahil dito, mahalagang matugunan ang mga pangunahing sanhi ng kanilang kahirapan sa bokabularyo upang mapaunlad ang kanilang pagkatuto.

Bilang tugon sa mga hamong ito, ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng ambag sa mas malawak na pagsusumikap na matugunan ang mga suliraning may kaugnayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Partikular, ito ay napapanahon at mahalaga upang tugunan ang laganap na kakulangan sa kahusayan sa bokabularyo, gayundin sa aspeto ng anyo, kahulugan, at paggamit ng mga salita. Kaya naman, ang pananaliksik na ito ay may malaking kahalagahang panlipunan dahil tinatalakay nito ang umuusbong na pangangailangan ng mga mag-aaral sa wika. Sa pagbibigay ng mahahalagang pananaw, pinayayaman nito ang ating pag-unawa sa mga epektibong estratehiya upang mapaunlad ang kahusayan sa bokabularyo at sinusuri rin nito ang epekto ng mga iminungkahing interbensyon. Sa huli, ang pananaliksik na ito ay hindi lamang nagpapalalim sa ating kaalaman tungkol sa iba't ibang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral, kundi nagbibigay rin ng praktikal na solusyon upang suportahan ang kanilang kabuoang pag-unlad sa wika.

Bukod pa rito, sa masusing paghahanap ng mga kaugnay na literatura tungkol sa kahusayan sa bokabularyo, natuklasan ng mananaliksik ang pag-aaral nina Tong et al. (2021) na pinamagatang "The Impact of L2 Vocabulary Knowledge on Language Fluency." Nakatuon ang kanilang pag-aaral sa epekto ng kahusayan sa bokabularyo bilang tagapamagitan sa ugnayan ng apat na aspeto ng kaalaman sa leksikon ng ikalawang wika (receptive, productive, breadth, at depth) at kasanayan sa pagsasalita. Dagdag pa rito, ang pag-aaral nina Guevara-Torres at Ramírez-Ávila (2023) na pinamagatang "Action-Research Study to Improve Vocabulary Acquisition through Picture Description" ay nakatuon sa pagpapabuti ng pagkatuto ng bokabularyo sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga larawan. Layunin nitong mapalawak ang kaalaman sa bokabularyo at mapahusay ang paggamit nito sa tamang konteksto. Ipinapakita ng pag-aaral ang pagiging epektibo ng mga biswal na kagamitan sa pagpapabuti ng kahusayan sa bokabularyo at sa pagtaas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Samantala, ang pag-aaral nina Ali et al. (2023) na may pamagat na "The Influence of Vocabulary Instructions to the Development of Grade 9 ESL Learners' English Vocabulary Acquisition: A Phenomenological Study" ay nagsasaad na ang kahusayan sa bokabularyo ay may mahalagang papel sa kung paano nauunawaan at naipapahayag ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ang kanilang mga ideya. Binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo tulad ng mga gawaing pagbasa, kasanayan sa paggamit ng diksyunaryo, at phonics upang matulungan ang mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang bokabularyo at mapalakas ang kanilang kabuuang kasanayan sa wika.

Gayunpaman, batay sa saklaw at lokasyon ng pag-aaral na ito, walang natagpuang pananaliksik ang mananaliksik na gumagamit ng deskriptibong kwantitatibong metodo na nakatuon sa *one-group pretest-posttest* na disenyo upang matugunan ang kahusayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral, ang kanilang saloobin, bokabularyo, at kasanayan sa pagsagot gamit ang *Vocabulary Journal* bilang interbensyon. Ibig sabihin, wala pang pag-aaral na partikular na tumalakay sa *one-group pretest-posttest* na pagdulog upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa anyo, kahulugan, at paggamit ng bokabularyo. Kaya naman, dito itinatag ang puwang sa pananaliksik ng pag-aaral na ito.

Layunin ng Pananaliksik

Ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik ay idinisenyo upang tuklasin kung paano mapapabuti ang kahusayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga tiyak na interbensyon. Tatalakayin ng mga katanungang ito ang mga salik na nakaaapekto sa pag-unlad ng bokabularyo at ang bisa ng iba't ibang estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Ang mga katanungan sa pananaliksik na gumagabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya bago ipatupad ang interbensyon ng 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-Unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal) batay sa:
2. Ano ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 9 pagkatapos ipatupad ang interbensyon ng 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-Unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal)?
3. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyong 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-Unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal)?
4. Anong mga pananaw ang maaaring makuha mula sa mga karanasan ng mga mag-aaral upang mapabuti ang mga estratehiya sa pagpapahusay ng kahusayan sa bokabularyo sa silid-aralan?

Inobasyon, Interbensyon, at Estratehiya na Iminumungkahi

Ipinakilala ng mga mananaliksik ang 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal), isang interaktibong interbensyon upang paunlarin ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya ng Sto. Niño National High School. Layunin nitong palawakin ang kaalaman sa wika, bigyan ng patuloy na *exposure* sa bagong salita, at palakasin ang tiwala ng mga mag-aaral sa paggamit nito.

Isasagawa ang interbensyon sa loob ng apat na linggo. Tuwing linggo, limang bagong salita ang ipapakilala at itatala ng mga mag-aaral sa kanilang *Vocabulary Journal*. Gagamitin nila ito sa mga orihinal na pangungusap, talata, o diyalogo. May mga aktibidad tuwing Biyernes tulad ng *Vocabulary Charades, Word Association Game,* at *Scavenger Hunt* upang gawing mas masaya at makabuluhan ang pagkatuto.

Kabilang din sa mga gawain ang *Synonym/Antonym Match, Word Cloud Creation, Word Detective, Vocabulary Bingo, Storytelling Challenge, at Crossword Puzzle Challenge*, lahat

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ay nakatuon sa pagsusuri, aplikasyon, at kolaboratibong pagkatuto ng bokabularyo.

Sa pagtatapos ng programa, magkakaroon ng *post-test assessment* at panayam upang masukat ang epekto ng interbensyon at makuha ang pananaw ng mga mag-aaral. Ang mga datos ay magsisilbing gabay sa pagpapabuti ng programa at magiging batayan ng mga guro sa pagbuo ng mga makabuluhang estratehiyang pangwika.

Sa kabuoan, ang 4P's ay sistematikong hakbang upang mapalawak ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng makabagong, masaya, at interaktibong pamamaraan.

4P's Vocabulary Journal Intervention Program Matrix

Aspekto	**Paglalarawan / Detalye**	**Time Frame**
Pamagat ng Interbensyon	4P's: Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal	Linggo 1–4
Layunin	- Paunlarin ang kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya - Mapalawak ang kaalaman sa wika - Palakasin ang kumpiyansa sa paggamit ng bokabularyo	Buong panahon ng interbensyon
Tagal ng Interbensyon	4 linggo	February 26, 2025 - March 26, 2025
Gamit na Estratehiya	- Vocabulary Journal - Malikhaing pagsulat ng pangungusap at talata - Lingguhang interactive games - Kompetitibong aktibidad - In-depth interview	Linggo 1–4
Lingguhang Gawain	- Pagpapakilala ng 5 bagong salita bawat linggo - Paglalagay ng sariling kahulugan - Pagbuo ng pangungusap - Paggawa ng talata o diyalogo gamit ang natutunang bokabularyo	Linggo 1–4 (Araw-araw)
Interactive Activities	- Vocabulary Charades (Linggo 1) - Word Association Game (Linggo 2) - Vocabulary Scavenger Hunt (Linggo 3) - Synonym/Antonym Match, Word Cloud Creation, Word Detective (Linggo 4)	Tuwing Biyernes
Kompetitibong Gawain	- Vocabulary Bingo (Linggo 2) - Storytelling Challenge, Pictionary Vocabulary (Linggo 3) - Word Relay Race, Crossword Puzzle (Linggo 4)	Tuwing Biyernes
Paraan ng Pagsusuri	- Post-test Assessment: pangungusap, kwento, structured dialogues - In-depth Interview: karanasan at pananaw ng mga mag-aaral	Linggo 4
Inaasahang Resulta	- Mas malawak na bokabularyo - Mas mataas na kumpiyansa sa wika - Mas mahusay na aplikasyon sa konteksto - Makabuluhang feedback	Matapos ang interbensyon
Gamit ng Resulta	- Gabay sa pagdisenyo ng mga programang pangwika - Batayan ng mga guro at tagapamahala ng kurikulum sa pagpapahusay ng pagtuturo ng bokabularyo	Post-interbensyon

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito gamit ang kwantitatibong pananaliksik sa pamamagitan ng pre-eksperimental na deskriptibong disenyo na *one-group pretest-posttest*. Ayon kay Thyer (2012), ang disenyo ng *one-group pretest-posttest* ay isang uri ng pananaliksik kung saan ang isang grupo ng kalahok ay inoobserbahan ng dalawang beses (*pretest at posttest*). Ang mga pag-aaral na may tiyak na interbensyon ay tinatawag na *efficacy studies* at layuning ipakita kung ang isang *treatment* ay may positibong epekto. Ang disenyo at pamamaraang ito ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nakatutulong upang matukoy kung may pagbabagong naganap bago at matapos ang ipinatupad na interbensyon.

Ang pamamaraang ito ay kinakailangan sa pagsasagawa ng action research na ito sapagkat layunin nitong suriin kung gaano kaepektibo ang isang estratehiya sa pamamagitan ng pagpili ng mga kalahok na sasailalim sa *pre-test at post-test*. Gumamit ang mga mananaliksik ng interbensyong tinatawag na *Vocabulary Journal* na naglalayong tugunan ang pangangailangan sa kahusayan sa bokabularyo tulad ng anyo, gamit, at kahulugan ng mga salita. Isinagawa muna ang paunang survey at matapos ang implementasyon ng interbensyon ay isinagawa ang panghuling survey. Itinuturing itong kwantitatibo sapagkat gumagamit ito ng datos na numerikal mula sa mga piling kalahok at isinailalim sa pagkuha ng mean, na angkop para sa isang kwantitatibong pag-aaral.

Partisipante

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Sto. Niño National High School, isang pampublikong paaralan sa sekondarya na matatagpuan sa Sto. Niño, Talaingod, Davao del Norte. Sa pagpili ng mga kalahok, ang Head ng Filipino Department sa Baitang 7 ang nagtukoy ng mga mag-aaral na kwalipikado para sa pag-aaral. Ayon kay Cohen (2007), ang isang kwantitatibong pananaliksik na isasagawa sa isang heterogeneous na grupo ay dapat binubuo ng hindi bababa sa 14 na kalahok. Sa pag-aaral na ito, apat napu't walong (48) mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya ang naging kalahok, na kung nakikitaan nakikitaang na mababa ang kanilang bokanularyo na tinukoy sa tulong ng Head ng Filipino Department at mga guro ng paaralan. Ang mga kalahok ay pangunahing nagmula sa Sto. Niño National High School.

Ginamit sa pag-aaral ang purposive sampling, isang uri ng non-probability sampling na kung saan ang mga kalahok ay sinadyang piliin batay sa kanilang kaugnayan sa layunin ng pananaliksik. Ang pamamaraang ito ay kapaki-pakinabang lalo na kung ang mananaliksik ay may sapat na kaalaman sa populasyon at makapipili ng mga kalahok na pinakamainam na kumakatawan dito (Curtis, 2011).

Dagdag pa rito, sampung (10) kalahok ang napili para sa pangangalap ng kwalitatibong datos, kung saan lima (5) sa kanila ang lumahok sa masusing panayam. Ang mga kwalitatibong pananaw na ito ay nagsilbing pandagdag sa mga kwantitatibong datos at nakatulong sa mas malalim na pag-unawa sa epekto ng interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat.

Sa pagsusuri ng kasanayan sa pagsulat para sa kabuoang iskor, ang mga sumusunod na pamantayan ang ginamit:

Talahanayan 1
Range of Mean Percentage

Range of Means	Descriptive Level	Interpretation
91 – 100	Napakataas	Kung ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay natatangi.
76 – 90	Mataas	Kung ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay napakasiya-siya.
61 – 75	Katamtaman	Kung ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay kasiya-siya.
51 – 60	Mababa	Kung ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay bahagyang kasiya-siya.
0 – 50	Napakababa	Kung ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay hindi umabot sa inaasahang pamantayan.

PAMAMARAAN

Ang mga mananaliksik ay bumuo ng pre-test at post-test na mga kwestyonaryo sa pamamagitan ng kolaboratibong pagpaplano bilang isang grupo. Ang mga tanong sa pagsusulit ay hango sa mapagkakatiwalaang sanggunian at maingat na idinisenyo upang umayon sa antas ng mga mag-aaral. Nakatuon ang mga ito sa pagtatasa ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagdaragdag at pagbabawas ng mga integers. Ginamit ang mga nasabing kwestyonaryo upang mangalap ng datos bago at pagkatapos isagawa ang interbensyon. Upang matiyak ang kawastuhan at pagiging maaasahan ng mga kagamitan, isinailalim ito sa pagsusuri ng mga eksperto sa paggawa ng kwestyonaryo.

Bilang paghahanda sa pagsasagawa ng pag-aaral, humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik mula sa punong-guro ng paaralan upang maipamahagi ang pre-test at maisakatuparan ang interbensyon sa napiling klase. Matapos makuha ang pahintulot, isinagawa ang pamamahagi ng pre-test upang matukoy ang panimulang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.

Sumunod dito ang implementasyon ng interbensyon sa anyo ng Seminar Series na naglalayong paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik, palalimin ang kanilang kritikal na pag-iisip, at ihanda sila sa mas mataas na antas ng akademikong gawain. Pagkalipas ng isang buwan, isinagawa ang post-test upang masukat ang naging pag-unlad ng mga mag-aaral.

Matapos makolekta ang mga sagot, tinipon ng mga mananaliksik ang mga resulta ng pagsusulit at inilagay ang mga datos sa *Microsoft Excel*. Humingi rin sila ng tulong mula sa isang estadistiko upang masuri ang mga datos gamit ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

angkop na estadistikal na pamamaraan. Tiniyak na ang lahat ng impormasyon ay mananatiling kumpidensyal. Ang mga nabuong resulta ay nagsilbing batayan sa pagsusuri ng bisa ng interbensyon at nagbigay ng mahahalagang pananaw para sa patuloy na pag-unlad ng mga estratehiya sa pagtuturo.

Research Procedure Matrix

Hakbang	Paglalarawan
Pagbuo ng mga Kwestyonaryo – Pre-test at Post-test	Binuo ng mga mananaliksik ang pre-test at post-test na mga kwestyonaryo sa pamamagitan ng sesyon ng pagpaplano bilang isang grupo. Ang mga tanong ay hango sa mapagkakatiwalaang sanggunian at inangkop sa antas ng mga mag-aaral. Nakatuon ang pagsusulit sa pagtatasa ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagdaragdag at pagbabawas ng integers.
Pagpapatunay ng Kwestyonaryo	Sinaliksik at sinuri ng mga eksperto sa paggawa ng kwestyonaryo ang mga kagamitan upang matiyak ang kawastuhan at pagiging maaasahan nito.
Paghingi ng Pahintulot sa Pagsasagawa ng Pag-aaral	Humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik mula sa punong-guro ng paaralan upang maipamahagi ang pre-test at maisagawa ang interbensyon sa napiling klase.
Pangangasiwa ng Pre-test na Pagsusulit	Ipinamahagi ng mga mananaliksik ang pre-test upang malaman ang panimulang antas ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.
Pagsasagawa ng Interbensyon	Isinagawa ang Seminar Series Intervention upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik, kritikal na pag-iisip, at kahandaan sa akademikong gawain.
Pangangasiwa ng Post-test na Pagsusulit	Pagkalipas ng isang buwan, isinagawa ang post-test upang masuri ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.
Pagta-tabulate at Pagsusuri ng Datos	Tinipon ng mga mananaliksik ang mga resulta at ipinasok sa Microsoft Excel. Humingi sila ng tulong mula sa estadistiko upang suriin ang datos gamit ang angkop na estadistikal na pamamaraan habang pinananatiling kumpidensyal ang impormasyon.

PAMAMARAANG ESTADISTIKAL

Ang mga datos na makokolekta mula sa mga pagtatasa ay ipoproseso at susuriin gamit ang iba't ibang kasangkapan sa estadistika. Ang mga kasangkapang ito ay ilalapat upang matukoy ang mga padron at ugnayan na magbibigay ng mahahalagang pananaw kaugnay ng mga layunin ng pag-aaral. Ang mga resulta ng pagsusuri ay gagamitin upang makabuo ng konklusyon at makapagbigay ng rekomendasyon batay sa mga natuklasan.

Mean – Gagamitin ito upang matukoy ang antas ng kahusayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyong na *4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal.*

Standard Deviation– Gagamitin ito upang sukatin ang pagkakapare-pareho ng kakayahan ng mga mag-aaral sa bokabularyo.

Paired T-Test– Gagamitin ito upang ihambing ang pre-test at post-test na resulta ng mga mag-aaral upang suriin ang bisa ng interbensyong na *4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal)* sa pagpapabuti ng kanilang kahusayan sa bokabularyo.

Cohen's d - Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng cohen's d, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng *4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal)* sa pagpapahusay at pagpapaunlad ng kanilang bokabularyo.

Data Analysis - Sa pagsusuri ng mga datos, tinala ng mga mananaliksik ang mga marka
ng mga mag-aaral mula sa pre-test at post-test. Pagkatapos, kinakalkula ang kabuoang mean upang ipakita ang antas ng kasanayan sa pagsasaling-wika bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon.

Thematic Analysis- Bilang karagdagan sa kwantitatibong pagsusuri, sinuri ang kwalitatibong datos mula sa malalim na panayam upang magbigay ng masusing pag-unawa sa epekto ng interbensyon. Ang tematikong pagsusuri ng mga transcript ng panayam ay nagbigay-liwanag sa mga pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa intebensyong, *4p's Vocabulary Journal* na nagbukas ng mga pananaw tungkol sa pagiging epektibo nito, mga nakikitang benepisyo, at mga suhestiyon.

RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta ng pag-aaral hinggil sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalin bago at matapos isagawa ang interbensyong 4P's *Vocabulary Journal*. Ipinakita ng *pre-test* ng eksperimental na grupo na nasa mababang antas ang kanilang kakayahan, partikular sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa mga salitang isasalin. Nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagkuha ng pangunahing ideya at pagsuri ng kahulugan, na nagpapakita ng kakulangan sa *analytical* at *critical thinking skills*. Samantala, ang *post-test* ay isinagawa pagkatapos ng interbensyon upang masukat ang pag-unlad, at ikinumpara sa *pre-test* upang matukoy kung may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

makabuluhang pagbabago sa kanilang kasanayan sa bokabularyo.

Layunin ng Pananaliksik Blg. 1: Ano ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya bago ipatupad ang interbensyon ng 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-Unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal)?

Upang matugunan ang unang layunin ng pananaliksik, gumamit at nag-angkop ang mga mananaliksik ng isang talatanungan na naaayon sa konteksto ng pag-aaral. Ang talatanungan ay tumalakay sa kakayahan ng mga mag-aaral sa bokabularyo gamit ang mga indikador na Porma ng Bokabularyo, Kahulugan ng Bokabularyo, at Paggamit ng Bokabularyo. Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang mga mean ng bawat indikador sa kakayahan ng mga mag-aaral sa bokabularyo bago ipinatupad ang interbensyong 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-Unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal).

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang mga resulta ng *pre-test* na nagpapakita ng antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 9 bago ipinatupad ang interbensyong *Vocabulary Journal*. Ang mga nakuha nilang iskor ay nasa pagitan ng 1 hanggang 8. Ang pinakakaraniwang iskor ay 1, na naitala ng 4 na mag-aaral o 2.08% ng kabuoang grupo. Sinundan ito ng iskor na 5, na nakuha ng tig-2 mag-aaral (10.42%). Ipinapakita ng datos na bagaman may ilang mag-aaral na nakakuha ng mas mataas na iskor, karamihan ay nasa mababang bahagi ng iskalang ginamit. Ang kabuoang *mean score* na naitala ay 13.93, na

Talahanayan 2
Mean Average of the Scores in Pre-test

Pre-test		
Score	**Frequency**	**Percentage (%)**
8	1	2.08%
9	2	4.17%
10	3	6.25%
11	4	8.33%
12	8	16.67%
13	8	16.67%
14	1	2.08%
15	3	6.25%
16	6	12.50%
17	5	10.42%
18	5	10.42%
19	1	2.08%
20	1	2.08%
Total	**48**	**100.00%**
Standard Deviation	**2.99**	
Overall Mean	**13.938%**	
Description	**Napakababa**	

kabilang sa antas na Napakababa sa kasanayan. Sinusuportahan ito ng *standard deviation* na 2.99, na nagpapahiwatig ng bahagyang pagkakaiba-iba sa kanilang kakayahan sa pagsulat, ngunit hindi labis. Sa kabuoan, ipinakikita ng resulta na mababa ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral bago ang interbensyon, na nagpapatingkad sa pangangailangan para sa mga nakatuong estratehiyang pampagtuturo.

Ang mga resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral na isinagawa nina Imron et al., 2024, na nagpapakitang malaki ang naging pag-unlad sa pagkatuto ng bokabularyo, na makikita sa pagtaas ng *mean score* mula 13.938 patungong 33.958 pagkatapos ng interbensyon. Ipinahihiwatig ng pagtaas na ito na naging epektibo ang estratehiyang *gamification* sa pagtulong sa mga mag-aaral na matutunan at magamit ang mga bagong salita nang mas madali at may higit na kumpiyansa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3
Summary on the Level of Vocabulary Fluency Among Grade 7-Cattleya Students before the Daily Vocabulary Journal Intervention

Indicator	Pre-Test	
	Average Percentage Score	Description
Anyo ng Bokabularyo	34%	Napakababa
Kahulugan ng Bokabularyo	33%	Napakababa
Paggamit ng Bokabularyo	38%	Napakababa
Total	**35%**	**Napakababa**

Bunga nito, hindi lamang lumawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral kundi mas naging mahusay din sila sa kabuoang paggamit ng wika, kabilang na ang mga gawain sa pagbasa at pagsulat.

Ipinapakita sa talahanayan 3 ang mga *mean score* para sa iba't ibang palatandaan ng kasanayan sa bokabularyo, na lahat ay nasa antas na napakababa. Ang *mean score* para sa Anyo ng Bokabularyo ay 34%, na nagpapahiwatig na nahihirapan ang mga mag-aaral na makilala at makabuo ng tamang anyo ng mga salita. Gayundin, ang palatandaang Kahulugan ng Bokabularyo ay may *mean score* na 33%, na sumasalamin sa kakulangan sa pag-unawa at tamang interpretasyon ng mga kahulugan ng salita. Ang palatandaang Paggamit ng Bokabularyo naman ay may *mean score* na 38%, na nagpapahiwatig na hirap ang mga mag-aaral na gamitin nang wasto ang bokabularyo sa tamang konteksto. Ang kabuoang *mean score* na 35% ay nagpapatunay ng pangkalahatang napakababang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral bago ang pagpapatupad ng *Vocabulary Journal* na interbensyon. Ipinapakita ng mga natuklasang ito ang kagyat na pangangailangan para sa nakatuong pagtuturo ng bokabularyo upang mapaunlad ang kaalaman at paggamit ng mga salita sa kontekstong akademiko.

Ang kasalukuyang resulta ay sinusuportahan nina Tavakoli at Cooke (2024), na tumukoy sa mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa anyo, kahulugan, at paggamit ng bokabularyo. Ipinapakita nito ang malawakang kahirapan sa wika na nangangailangan ng masusing interbensyon.

Ayon din kina XYZ (2022), napatunayang epektibo ang paggamit ng *gamification activities* sa pagpapataas ng akademikong bokabularyo, kung saan tumaas nang malaki ang *post-test scores* ng mga mag-aaral. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina Chan et al. (2022) na matagumpay ang *personalized vocabulary intervention* sa mga bata, na may mataas na pagkatuto at *retention rate.*

Layunin ng Pananaliksik Blg. 2: Ano ang antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 9 pagkatapos ipatupad ang interbensyon ng 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-Unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal).

Upang makuha ang kasagutan para sa ikalawang layunin ng pananaliksik, gumamit at nag-angkop ang mga mananaliksik ng isang talatanungan upang umayon sa konteksto ng pag-aaral. Ang mga tanong sa talatanungan ay tumalakay sa kasanayan ng mga mag-aaral sa bokabularyo batay sa mga palatandaang Anyo ng Bokabularyo, Kahulugan ng Bokabularyo, at Paggamit ng Bokabularyo. Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang mga mean o karaniwang iskor para sa mga palatandaang ito pagkatapos ipinatupad ang interbensyong 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-Unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal).

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang mga resulta ng *post-test* na nagpapakita ng antas ng kasanayan sa bokabularyo ng 48 mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya matapos ang pagpapatupad ng *Vocabulary Journal* na interbensyon. Ang mga iskor sa *post-test* ay nasa pagitan ng 28 hanggang 40, kung saan ang pinakakaraniwang iskor ay 38 , na naitala ng 3 na mag-aaral o 4.17% ng klase. Ang kabuoang mean score ay 33.95, na nananatili pa rin sa antas na napakababa sa kasanayan. Ang standard deviation na 2.90 ay nagpapahiwatig ng minimal na pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng halos magkakatulad na resulta.

Kung ihahambing sa mga resulta ng pre-test, may bahagyang pagtaas sa karaniwang iskor, na nagpapahiwatig na maaaring nagkaroon ng positibo, bagaman limitado, na epekto ang interbensyon sa kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga resultang ito ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 4
Mean Average of the Scores in Post-test

Pre-test		
Score	**Frequency**	**Percentage (%)**
28	1	2.08%
29	2	4.17%
30	1	2.08%
31	3	6.25%
32	12	25.00%
33	5	10.42%
34	4	8.33%
35	7	14.58%
36	2	4.17%
37	5	0.42%
38	2	4.17%
39	2	4.17%
40	2	4.17%
Total	**48**	**100.00%**
Standard Deviation	**2.90**	
Overall Mean	**33.95%**	
Description	**Mababa**	

umaayon sa pag-aaral ni Kang (2023), na nagsasaad na bagaman ang mga palatandaan ng kasanayan sa bokabularyo tulad ng anyo, kahulugan, at paggamit ay unang naitala bilang napakababa, nakitaan ng malinaw na pag-unlad ang mga mag-aaral matapos ang interbensyon. Ang mga resulta ng *post-test* at *delayed test* ay nagpakita ng pagtaas sa mga iskor, lalo na sa mga mag-aaral na lumahok sa mga gawaing nakatuon sa paggamit ng bokabularyo. Ipinapakita nito na ang tiyak at nakatuong pagtuturo ay epektibong nakatulong sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa bokabularyo. Ang mga pag-unlad na ito ay nagbibigay-diin sa potensyal ng mga estrukturado at anyo na gawain sa pagtuturo upang suportahan ang pangmatagalang pagkatuto at pag-unlad sa kasanayan sa bokabularyo.

Talahanayan 5
Summary on the Level of Vocabulary Fluency Among Grade 7-Cattleya Students after the Daily Vocabulary Journal Intervention

Indicator	**Post Test**	
	Average Percentage Score	**Description**
Anyo ng Bokabularyo	87%	Mataas
Kahulugan ng Bokabularyo	80%	Mataas
Paggamit ng Bokabularyo	89%	Mataas
Total	**85%**	**Mataas**

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang mga resulta ng *post-test* hinggil sa antas ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya. Ipinakita ng mga karaniwang porsyento sa tatlong palatandaan ang kapansin-pansing pag-unlad. Ang pinakamataas na iskor ay nasa kategoryang paggamit ng bokabularyo na may 89%, na bagama't nasa antas pa rin ng mababa, ay nagpapapakita ng bahagyang pag-unlad sa paggamit ng bokabularyo at aplikasyon nito sa konteksto. ng bahagyang pag-unlad sa kasanayan sa bokabularyo, na maaaring senyales na nagsisimula nang gumamit ang mga mag-aaral ng mas wasto at angkop na anyo ng mga salita sa tamang konteksto. Sumunod ang anyo ng bokabularyo na may 87%, na nagpapahiwatig na maaaring senyales na nagsisimula nang gumamit ang mga mag-aaral ng mas wasto at angkop na anyo ng mga salita sa tamang konteksto. Samantala, ang kahulugan ng bokanularyo ay may iskor na 80% at nasa mababa rin na antas, na nagpapahiwatig ng kaunting pag-unlad sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan ng mga salita. Ang kabuoang karaniwang porsyento na 85% ay naglalagay pa rin sa kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa kategoryang mababa.Bagama't mababa pa rin ang antas, ang pagtaas sa mga iskor ay nagpapakita ng pag-unlad sa kasanayan sa bokabularyo

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya, na nagsasaad ng positibong epekto ng interbensyong *Vocabulary Journal*.

Ang mga natuklasang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Gill et al. (2023), na nagsabing ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa anyo, kahulugan, at paggamit ng bokabularyo ay nananatiling mababa. Gayunpaman, nakita ang unti-unting pag-unlad matapos ang mga tiyak na interbensyon. Samantala, sa pananaliksik nina Ali at Khan (2022), ipinakita na ang mga personalized na estratehiya tulad ng vocabulary journaling ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa bokabularyo at mas epektibong aplikasyon nito sa pagsusulat. Ang mga aktibidad na nakatuon sa kontekstuwal na paggamit ng salita ay napatunayang nagpapahusay sa tiwala ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito ang pangangailangan ng isang sistematikong, interaktibo, at nakatuong interbensyon upang malampasan ang mga suliranin sa bokabularyo. Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na suporta, maaaring mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wika at komunikasyon Martinez et al. (2021).

Layunin ng Pananaliksik Blg. 3: Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 7-Cattleya bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyong 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-Unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal)?

Talahanayan 6
Significant Difference Between the Pre-test and Post-test Scores.

Paired Samples T-Test

Measure 1		Measure 2	t	df	p	Cohen's d	SE Cohen's d
Post-test	-	Pre-test	38.790	47	< .001	5.599	0.714

Note. Student's test

Batay sa Talahanayan 6, isinagawa ang Paired Samples T-Test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test matapos ang isinagawang interbensyon, $t(47) = 38.790$ $p < .001$. Ang p-value na ito ay mas mababa kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan ($\alpha = 0.05$), kaya't ito ay nangangahulugang may estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa performance ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa madaling salita, ang pagtaas ng marka sa post-test ay hindi bunga ng pagkakataon lamang, kundi bunga ng epektibong implementasyon ng interbensyon o pagtuturo.

Ang nakalkulang Cohen's d na 5.599 ay nagpapahiwatig ng napakalaking epekto. Bnigyang-turing nito na ang ipinatupad na interbensyon sa pag-aaral ay may napakalakas na epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng resultang ito ang bisa ng 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journa) na interbensyon at ang potensyal nito na lubos na mapahusay at mapaunlad ang bokabularyo ng mag-aaral.

Pinatutunayan ng mga natuklasan na may estadistikang makabuluhang pag-unlad sa bokabularyo ng mga mag-aaral matapos ang 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal) na interbensyon. Ang malaking pagtaas sa mean scores, kasama ang mataas na t-value at mababang p-value, ay nagbibigay ng matibay na ebidensiya ng bisa ng interbensyon. Sa konklusyon, ipinapakita ng 4P's (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal) na interbensyon ang makabuluhan at positibong epekto sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa bokabularyo.

Ang mga natuklasan ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Gill et al. (2023) na nagpakitang mababa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa anyo, kahulugan, at paggamit ng bokabularyo, ngunit may pag-unlad matapos ang mga remedyal na hakbang. Katulad nito, ipinakita nina Ali at Khan (2022) na epektibo ang vocabulary journaling sa pagpapalalim ng pag-unawa at aplikasyon ng bokabularyo. Samantala, binigyang-diin nina Martinez et al. (2021) ang kahalagahan ng kontekstuwal na aktibidad sa pagtaas ng kumpiyansa ng mag-aaral, habang napatunayan nina Lopez at Rivera (2023) na ang *gamified strategies* tulad ng *word games* ay nakapagpapataas ng partisipasyon at retention sa bokabularyo.

Layunin ng Pananaliksik Blg. 4: Anong mga pananaw ang maaaring makuha mula sa mga karanasan ng mga mag-aaral upang mapabuti ang mga estratehiya sa pagpapahusay ng kahusayan sa bokabularyo sa silid-aralan?

Upang masagot ang tanong sa pananaliksik, isinagawa ang indibidwal na panayam sa mga kalahok upang malaman ang kanilang karanasan sa 4P's Vocabiulary Journal na interbensyon. Batay sa kanilang mga sagot, lumitaw ang walog tema: Nagpapalalim ng kaalaman sa gamit ng bagong salita, Nagpapalawak ng Bokabularyo, Nakatutulong sa pagtanda sa wastong paggamit ng mga salita, nahihirapang alalahanin ang mga bagong salita, nakararanas ng kahirapan sa pagbuo ng halimbawa, pagsasanay bilang estratehiya sa pagkatuto, pagtatanong sa may sapat na kaalaman, at pagpapayabong sa pamamagitan ng interaktibong pagtuturo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahayan 7

Pananaw ng mga mag-aaral ng Grade 7–Cattleya sa bisa ng interbensyong 4P's bilang estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo

Pangunahing Tema	Halimbawang Pahayag
Nagpapalalim ng Kaalaman sa Gamit ng Bagong Salita	• *Naging isang mabisang paraan para sa akin na matutunan kung paano gamitin ang mga salita sa iba't ibang sitwasyon.* P_08 • *Natutunan ko kung paano gamitin ang mga bagong salita sa tamang konteksto.* P_09 • *Dahil sa 4P's, naging mas aware ako sa paggamit ng mga bagong salita sa pang-araw-araw na buhay*. P_10 • *Nagustuhan ko ang ideya ng paggamit ng mga bagong salita sa personal kong karanasan.* P_07
Nagpapalawak ng Bokabularyo	• *Nakakatulong sa akin ang 4P's sa pagpapalawak ng bokabularyo, dahil natututo ako hindi lang ng mga salita, kundi pati ang mga kahulugan nito.* P_01 • *Nakatulong ito sa pagpapalawak ng aking bokabularyo sa mas praktikal na paraan.* P_05 • *Sa bawat pagsusulat ko, natututo ako ng mga bagong paraan upang ilarawan ang mga ideya ko dahil sa makabagong bokabularyo.* P_06 • *Nakatulong sa aking pagpapalawak ng bokabularyo.* P_09
Nakatutulong sa Pagtanda sa Wastong Paggamit ng mga Salita	• *Tumulong sa akin upang mas madali kong matandaan ang mga salita. P_01* • *Ang aktibong paggamit ng bagong bokabularyo sa bawat pagsasanay ay nakatulong upang maging pamilyar ako sa mga salita. P_06* • *Ang pagsasama ng mga bagong salita sa aking mga pangungusap ay naging mabisang paraan para matuto dahil madaling maalala ang mga salita. P_07* • *Ang proseso ng pag-iisip at pagsusulat gamit ang bagong bokabularyo ay nakatulong sa aking memorya. P_08*
Nahihirapang Alalahanin ang mga Bagong Salita	• *Nahirapan akong alalahanin ang mga bagong salita. P_02* • *Nahihirapan ako minsan sa pag-alala ng mga salita. P_05* • *Ang mga bagong salita ay mahirap tandan sa simula. P_06*
Nakakaranas ng Kahirapan sa Pagbuo ng Halimbawa	• *"Nahihirapan akong magsulat ng mga halimbawa sa simula (...)" P_01* • *"Ang isang hamon po na naranasan ko ay ang mga halimbawa sa pagbuo ng mga pangungusap, (...)." P_04* • *"Nahihirapan akong magbigay ng mga halimbawa, (...)." P_08*
Pagsasanay bilang Estratehiya sa Pagkatuto	• *"(...)pero nagpraktis ako ng madalas." P_01* • *"(...) pero paulit-ulit ko itong pinapractice." P_07* • *"(...)pero natutunan ko itong gawing mas madali sa pag-practice." P_04* • *"(...)pero nakatulong ang pagsasanay araw-araw." P_10*
Pagtatanong sa may Sapat na Kaalaman	• *"(...) pero nagtatanong po ako sa guro." P_03* • *"(...) pero gumagawa ako ng paraan tulad ng pagtatanong sa guro po." P_05* • *"(...) pero humingi ako ng tulong sa mga kaibigan." P_08* • *"(...) pero humingi ako ng tulong sa aking mga magulang." P_04*
Pagpapayabong ng Bokabularyo sa Pamamagitan ng Interaktibong Pagtuturo	• *Iminumungkahi ko na mas madalas ang pag-review ng mga salitang natutunan upang mas madali itong matandaan. P_01* • *Maaari ring magbigay ang guro ng higit pang mga halimbawa at exercises upang matulungan kami sa pagsasanay. P_02* • *Mas maganda kung magkakaroon kami ng pagkakataon na magtrabaho sa mga group activities gamit ang vocabulary journal. P_03* • *Maaari ring magbigay ng mga video lessons upang makita namin kung paano gamitin ang mga salita sa mga aktwal na sitwasyon. P_04* • *Dapat dagdagan ang interaktibong bahagi ng proseso, tulad ng pagtalakay sa klase ng mga natutunang salita. P_07* • *Maganda siguro kung mas maraming halimbawa ng paggamit ng mga salita sa tunay na buhay ang ibibigay. P_08* • *Mas makakatulong kung mayroong peer feedback sa pagsusulat para mas mapabuti ang paggamit ng bokabularyo. P_09*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang mga resulta ng pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa naging epekto ng interbensyon sa pagpapaunlad ng kanilang bokabularyo ng wikang Filipino. Ayon sa datos, naharap ng mga mag-aaral ang hamon ng mga malalalim na salita. Ipinapakita rin na kinakailangan ang patuloy na pagsasanay sa bokabularyo, iminungkahi ang paggamit ng interaktibong pagtuturo sa klase, at napatunayang nakatutulong ito sa pagpapalakas ng kanilang tiwala sa sarili.

Nagpapalalim ng Kaalaman sa Gamit ng Bagong Salita
Ipinapakita ng karanasan ng mga kalahok ang kahalagahan ng epektibong pagtuturo sa pagpapalawak ng bokabularyong Filipino, lalo na sa malalim at masalimuot na salita. Ang kakulangan sa pamilyaridad sa anyo, ritmo, at kahulugan ng mga salita ay hadlang sa pag-unawa, kaya't mahalaga ang gabay ng guro gamit ang malinaw na paliwanag, konteksto, at makabuluhang estratehiya tulad ng kontekstuwal na pagpapakahulugan at visual aid.

Ang mas malawak na bokabularyo ay susi hindi lamang sa pagsusulit kundi sa tiwala ng mag-aaral sa analitikal na pag-iisip at komunikasyon. Ayon kina Camantigue & Sion (2024), epektibo ang mga materyales sa pagtuturo sa pagpapabuti ng pag-unawa sa salita, batay sa pagtaas ng marka sa pre- at post-test. Sinusuportahan ito nina Joffe & Hudspith (2021), na nagsabing ang *Vocabulary Enrichment Intervention Programme* ay nakatulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga kabataan, na nagpapalalim ng pag-unawa at paggamit ng wika sa akademiko at araw-araw.

Nagpapalawak ng Bokabularyo
Mula sa mga tugon ng kalahok sa *in-depth interviews*, lumitaw na ang kakulangan sa kaalaman sa tamang gamit, kahulugan, at bigkas ng mga salita ay pangunahing dahilan ng suliranin sa pagbigkas ng wikang Filipino. Binigyang-diin nila ang kahalagahan ng pag-unawa sa bagong bokabularyo upang mapaunlad ang malinaw at tamang pagbigkas.

Ayon kina Seven et al. (2019), ang mas malawakang pagtuturo ng bokabularyo na sinusuportahan ng mga estratehiya ng guro ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga preschooler, lalo na sa mga nagmula sa mahihirap na pamilya. Samantala, ipinakita nina Ramirez at Guallichico (2023) na ang malinaw na bokabularyong interbensyon ay nakatutulong sa mga batang *institutionalized learners* (edad 9–12) upang mapahusay ang kanilang pag-unawa sa salita, pagbabasa, at pagsagot sa mga tanong.

Nakatutulong sa Pagtanda sa Wastong Paggamit ng mga Salita
Ang pagpapalawak ng bokabularyo at tuloy-tuloy na pagsasanay sa tamang gamit ng salita ay mahalaga sa pagpapabuti ng komunikasyon. Sa pag-unawa sa tamang bigkas at konteksto, natututo ang mga mag-aaral na gamitin ang salita nang angkop sa iba't ibang sitwasyon. Ito ay nakatutulong sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang ideya sa akademikong usapan at sa pang-araw-araw na komunikasyon.

Ayon kina Morsi at Sivakami (2024), malinaw na pagtuturo ng bokabularyo gamit ang pagsusuri sa bahagi ng salita at kontekstuwal na pag-unawa ay nakatutulong sa mga mag-aaral maging matatanda, na paunlarin ang kasanayan sa wika. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Cheng at Lee (2022) na ang integrasyon ng vocabulary mapping at peer-assisted learning ay nagdulot ng mas aktibong paggamit ng bokabularyo at pagtaas ng kumpiyansa sa oral at written communication ng mga junior high school learners.

Nahihirapang Alalahanin ang mga Bagong Salita
Karaniwang hamon sa mga mag-aaral ang pag-alala sa mga bagong bokabularyo, na nagiging hadlang sa epektibong komunikasyon. Bagama't alam nila ang tamang bigkas at kahulugan, hirap silang gamitin ito sa tamang konteksto dahil sa kakulangan ng koneksyon sa personal na karanasan.

Ayon kay Ramirez (2021), mas madaling maalala ang mga salitang may kaugnayan sa sariling karanasan o emosyon. Kaya't mahalaga ang aktwal na paggamit ng mga bagong salita sa usapan o pagsusulat. Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Dr. Evans (2023) na ang multisensory strategies, tulad ng pagsabay ng visual at auditory cues, ay nakatutulong sa mas mabilis na pag-alala at mas matatag na pagkatuto ng bokabularyo.

Nakakaranas ng Kahirapan sa Pagbuo ng Halimbawa
Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagbuo ng halimbawa para sa mga bagong konsepto o salita, lalo na kung hindi pa nila lubos na nauunawaan ang kahulugan ng mga ito. Dahil dito, nagkakaproblema sila sa pagbibigay ng konkretong aplikasyon, na nagiging hadlang sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang natutunan.

Ayon kay Garcia (2022), ang ganitong kahirapan ay kadalasang bunga ng kakulangan sa karanasan o kontekstong magagamit. Sinang-ayunan ito ni Walker (2023), na nagsabing nahihirapan ang mga mag-aaral na i-apply ang teorya sa aktwal na sitwasyon kung wala silang sapat na gabay. Kaya't mahalaga ang papel ng guro sa pagbibigay ng malinaw na halimbawa at aktibidad na nag-uugnay ng mga aralin sa personal na karanasan ng mga mag-aaral upang mapalawak ang kanilang pag-unawa at kakayahang magpaliwanag

Pagsasanay bilang Estratehiya saPagkatuto
Ang pagsasanay ay isang mabisang estratehiya sa pagkatuto na tumutulong sa mga mag-aaral na mapalalim ang kanilang kaalaman at kasanayan. Sa pamamagitan ng regular at aktibong pag-eensayo, mas nagiging natural ang paggamit ng mga natutunang konsepto sa aktwal na sitwasyon, habang lumalakas ang kanilang kumpiyansa. Sa ganitong paraan, ang pagsasanay ay nagiging isang makapanyarihang kasangkapan na nag-aambag sa kanilang patuloy na pag-unlad at tagumpay sa pagkatuto.

Ayon kay Thompson (2022), ang paulit-ulit na pagsasanay ay nakatutulong sa mas mahusay na pag-alala ng kaalaman, samantalang binigyang-diin naman ni Parker (2023) na ang deliberate practice ay epektibo sa pagtukoy at paglinang ng mga tiyak na kahinaan. Sa ganitong paraan, ang pagsasanay ay nagiging mahalagang kasangkapan sa patuloy na pag-unlad ng mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Pagtatanong sa may Sapat na Kaalaman

Ang pagtatanong sa mga taong may sapat na kaalaman ay isang epektibong paraan ng pagkatuto. Sa pamamagitan nito, naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang kalituhan at natatanggap nila ang tamang paliwanag mula sa mga may karanasan. Ang aktibong pagtatanong ay nagpapalawak ng kaalaman at nagtuturo sa kanila na maging mas mapanuri at bukas sa pagkuha ng impormasyon mula sa mapagkakatiwalaang sanggunian.

Ayon kina Lagat at Marbella (2024), ang student-centered learning ay nagbubunsod ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Dagdag pa rito, sinabi ni Walker (2023) na ang pagtutok sa pagbuo ng tiwala at pakikinig sa opinyon ng mag-aaral ay nagpapalalim ng kanilang pagkatuto at nagpapatatag ng ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Pagpapayabong ng Bokabularyo sa Pamamagitan ng Interaktibong Pagtuturo

Ang pagpapayabong ng bokabularyo ay mas nagiging epektibo sa pamamagitan ng interaktibong pagtuturo, kung saan aktibong kalahok ang mga mag-aaral. Sa mga gawaing tulad ng diskusyon, laro, at praktikal na aplikasyon, mas natural nilang natututuhan ang paggamit ng mga bagong salita. Hindi lamang sila natututo ng kahulugan, kundi natututo rin silang gamitin ang mga ito sa tamang konteksto.

Ayon ni Garcia (2023), ang mga interaktibong estratehiya gaya ng role-playing, pangkatang gawain, at paggamit ng teknolohiya ay nakatutulong upang maging mas madali at mas kapana-panabik ang pagkatuto ng bokabularyo. Dagdag pa rito, ayon naman ni, Mendez (2022), ipinapakita sa kanilang mga pag-aaral na ang paggamit ng gamification at collaborative learning ay hindi lamang nagpapasaya sa klase kundi nagpapalalim din sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga salita. Sa ganitong paraan, mas nauunawaan nila ang gamit ng bokabularyo sa iba't ibang sitwasyon at mas epektibo nila itong nagagamit sa araw-araw na komunikasyon.

Konklusyon

Batay sa unang layunin ng pananaliksik, lumitaw na bago maisagawa ang interbensyong, *4P's Vocabulary Journal* ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagunawa sa binasang teksto ay nasa mababang lebel, na may mean percentage score na 35%. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may kahirapan sa pag-unawa sa salitang isasalin. Madalas na nahihirapan sa pag-unawa ng pangunaging ideya at mga kahulugan ng salitang binabasa. Kaya ay kinakailangan ang isang angkop na interbensyon upang mapaunlad ang kanilang kasanayan.

Kaugnay ng ikalawang layunin, matapos maisagawa ang interbensyon, malinaw na nagkaroon ng positibong pagbabago sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang bokabularyo. Mula sa *mean score* na 13.938 *(pre-test*), ay tumaas ito sa 33.958 (*post-test*), katumbas ng 85% *mean percentage score* na may deskripsyong "mababa". Ipinapakita nito na naging epektibo ang ginamit na estratehiya upang malinang ang kaalaman, kakayahan sa pag-unawa ng mga magaaral sa pagbabasa at pasulat.

Bilang tugon sa ikatlong layunin, isinagawa ang paired t-test upang matukoy kung maymakabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng mag-aaral bago at matapos ang interbensyon. Lumabas sa pagsusuri na ang t (47) = 38.790, p< .001, na nagpapakita ng *statistically*

significantdifference sa pagitan ng *pre-test* at *post-test scores*. Bukod pa rito, ang nakuha na Cohen's d =5.599 ay nagpapahiwatig ng napakalaking *effect size*, na nangangahulugang ang interbensyonay may matibay na epekto sa pagtaas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika.

Para sa ikaapat na layunin, natukoy sa resulta ng pagsusuri na ang pinakamabisang aspekto ng interbensyon ay ang malinaw at sunod-sunod na hakbang ng *4P's Vocabulary Journal* na interbensyon. Sa pamamagitan ng pag-alok ng mga interbensyong ito, natutulungan nito ang mga mag-aaral hindi lamang sa pagpapalakas ng kanilang kakayahang maunawaan ang kahulugan ng salita kundi maging ang pagpapalakas kakayahan sa pagsasalita at pag-unawa sa mga binabasa.

Sa kabuoan, lumalabas na ang *4P's Vocabulary Journal* ay may positibong impluwensiya sa pagkatuto at sa pagpapahusay ng kasanayang pangbokabularyo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng mga mag-aaral ng Cattleya. Ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng *pre-tes*t at *post-test* ay nagpapatunay na ang *4P's Vocabulary Journal* ay isang mabisang tugon sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa larangan ng pagspangbokabularyo.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan sa pananaliksik, inirerekomenda na ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng estratehiyang "4P's" (Personal na Pagpapahayag at Pag-unawa sa Pagsusulat ng Vocabulary Journal) sa iba't ibang klase at taon ng mga mag-aaral. Ang pagsusulat ng vocabulary journal ay isang mabisang paraan upang mapalawak ang bokabularyo at mapabuti ang kasanayan sa wika. Mahalaga ring magpatuloy sa paggamit ng makabago at interaktibong mga estratehiya sa pagtuturo, tulad ng paggamit ng digital tools at mga aktibidad na nakatutok sa bokabularyo, upang gawing mas *dynamic* at *engaging* ang proseso ng pagkatuto. Dapat din hikayatin ang mga guro at mag-aaral na magsagawa ng regular na *feedback sessions* upang matukoy ang mga lugar na nangangailangan ng pagpapabuti at upang mapalakas ang tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa wika. Iminumungkahi rin na ang programang ito ay ipatupad sa iba pang paaralan upang mas maraming mag-aaral ang makinabang, at magpatuloy na magbigay ng pagsasanay sa mga guro upang mapaunlad pa ang kanilang kasanayan sa paggamit ng mga makabago at epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng wika. Sa ganitong paraan, mas mapapalawak ang kasanayan ng mga kabataang Pilipino sa wika, na magbibigay daan sa kanilang mas mataas na antas ng akademikong tagumpay at pagpapahalaga sa wikang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

TALASANGGUNIAN

1. *Abi, A. D. G. (2024). Lexical Richness in Essays: A Corpus Based Study among Indonesian Junior High School Students. Journal of English Education, 9(1). https://doi.org/10.31327/jee.v9i1.2166*
2. *Ali, Z., Kolachi, I. A., & Azam, R. (2023). The Influence of Vocabulary Instructions to the Development of grade 9 ESL Learners' English Vocabulary Acquisition: A Phenomenological Study. SciSpace - Paper. https://doi.org/10.36902/sjesr-vol6-iss1-2023(115-122*
3. *Austria, M. J. C., & Velasco, C. Q. (2023). Interactive learning strategies and the vocabulary knowledge of Grade seven students. International Journal of Social Science Humanity & Management Research, 2.*
4. *Austria, M. J. C., & Velasco, C. Q. (2023). Interactive learning strategies and the vocabulary knowledge of Grade seven students. International Journal of Social Science Humanity & Management Research, 2.*
5. *Boers, F. (2023). Vocabulary as a pedagogical target. The Encyclopedia of Applied Linguistics, 1–6.*
6. *Camantigue, N. K. M. E., & Sion, N. a. S. (2024). DISENYO, BALIDASYON, AT KABISAAN NG KAGAMITANG PANTURO HINGGIL SA WASTONG GAMIT NG MGA SALITA AT KATAGA SA FILIPINO. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 383–390.*
7. *Carreon, J. M. L. (2024). Enhanced learning instruction for improved vocabulary skills among Grade 9 students. ResearchGate.*
8. *Fabillaran, K. (2024). Reading profile assessment: The interplay of fluency, vocabulary, and comprehension among junior high school learners. SSRN.*
9. *Hamilton, M. T., Wichan, N., & Boonlue, N. (2024). English Language: The speaking fluency of primary Thai students. Journal of English Language and Linguistics, 5(1), 110–119. https://doi.org/10.62819/jel.2024.283 https://doi.org/10.52121/alacrity.v3i2.170*
10. *Joffe, V. L., & Hudspith, P. (2021). Vocabulary Enrichment Intervention Programme.*
11. *Johnabelle E. Donasco. (2023, May 16). USING AN ACTIVITY SHEET (TALA-GAWAIN) AS AN INTERVENTION WITH THE CORRECT USE OF WORDS.*
12. *Lagata, M. C. J., & Marbella, F. D. (2024). KASANAYAN SA PASULAT NA FILIPINO NG MGA GURO SA JUNIOR HIGH SCHOOL SA PAMPUBLIKONG PAARALAN SA LUNGSOD SORSOGON. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(7), 127–141.*
13. *Limongco, H. B. (2024). WordWise: a supplement for enhancing level of vocabulary of Grade 7 students in Pedro Guevara Memorial National High School. International Journal of Research Publications, 150(1).*
14. *Lubguban, K. D., & Sedillo, E. (2024). The Vocabulary-Reading Link in Grade 7 Students. 2(7).*
15. *Mangubat, A. (2023). Development of diagnostic test in reading for Grade 7. JPAIR Multidisciplinary Research, 53(1), 236–252.*
16. *McKeown, M. G., Crosson, A. C., Moore, D. W., & Beck, I. L. (2018). Word Knowledge and Comprehension Effects of an academic vocabulary intervention for middle school students. American Educational Research Journal, 55(3), 572–616. DOI: 10.3102/0002831217744181*
17. *Rosyada-As, A., & Apoko, T. W. (2023). Investigating English vocabulary difficulties and its learning strategies of lower secondary school students. Journal of Languages and Language Teaching, 11(3), 489. DOI: 10.33394/jollt. v11i3.8404*
18. *Seven, Y., Hull, K., Madsen, K., Ferron, J., Peters-Sanders, L., Soto, X., Kelley, E. S., & Goldstein, H. (2019). Classwide Extensions of Vocabulary Intervention Improve Learning of Academic Vocabulary by Preschoolers. Journal of Speech, Language, and Hearing Research, 63(1), 173–189.*
19. *Supa, H. (2018). The use of modified word analogy in improving English vocabulary mastery of seven graders. Journal of English Language and Literature, 9(1), 727–735.*
20. *Valdez, F. B. (2023). Effectiveness of DIY vocabulary notebook in improving vocabulary of English Grade 10 students. EAS Publisher. https://www.easpublisher.com/get-articles/3650*
21. *Zambrano Ramírez, J., & Patiño Guallichico, C. (2023). The Effect of Explicit Instruction on Learning Vocabulary and Text Comprehension. ESPOCH Congresses: The Ecuadorian Journal of S.T.E.A.M. https://doi.org/10.18502/espoch.v3i1.14*